

PROGRAMA SA PANTAY NA PAGKAKATAON SA TRABAHO
PAHAYAG NG PATAKARAN
October 31, 2016

Matibay ang pangako ng Oahu Transit Services, Inc. (OTS) sa pamayanang aming pinagsisilbihan at sa aming mga empleyado. Bilang isang equal opportunity employer, pinagsusumikapan naming magkaroon ng puwersang trabaho na sumasalamin sa pamayanang aming pinagsisilbihan. Wala ni isang tao ang labag sa batas na pagkakaitan ng trabaho batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinanggalingan, kasarian (kasama ang katauhang pangkasarian, oryentasyong sekswal at pagkabuntis), edad, impormasyong genetiko, kapansanan, katayuang beterano, at iba pang pinag-iingatang uri.

Sakop ng patakarang Equal Employment Opportunity (EEO) ng OTS ang lahat ng bahagi ng mga gawaing pantrabaho kasali ngunit hindi limitado sa, pangangalap, pagtatanggap, pamimili para sa pagsasanay, pagtataas sa trabaho, paglilipat, pagbababa sa trabaho, pagtatanggal, pag-aantas ng sahod o iba pang uri ng kabayaran.

May karapatang magbigay ng reklamo sa EEO Officer ng OTS, sa EEO officer ng Department of Transportation Services o sa Office of Civil Rights ng Federal Transit Administration ang sinumang empleyado o aplikante na naniniwalang siya ay nakaranas ng diskriminasyon. Mahigpit na ipinagbabawal at hindi pinahihintulutan ang paghihiganti laban sa isang taong nagsampa ng bintang o reklamo ng diskriminasyon o sumali sa isang hakbang na may kinalaman sa diskriminasyon sa trabaho (tulad ng imbestigasyon o paghahabla).

Nangangako ang OTS na magbibigay ng makatuwirang kaluwagan sa mga aplikante at empleyado na mangangailangan nito dahil sa isang kapansanan, o upang makapagsanay o sumunod sa kanilang relihiyon.

Bilang President/General Manager ng OTS, nananatiling akin ang pangkalahatang responsibilidad at pananagutan para sa pagsunod ng OTS sa EEO Policy sa Programa nito. Upang matiyak ang pang-araw-araw na pamamahala, kabilang ang paghahanda ng programa, pagsubaybay at pag-imbestiga ng reklamo, inatasan ko ang Civil Rights Compliance Officer na si Ms. Angela K. Lo, PHR, SHRM-CP (email:angela.lo@the bus.org o telephonong 808-768-9455), bilang EEO Officer ng OTS.

Subalit, nakikibahagi sa pananagutan ng pagpapatupad at pagsubaybay sa mga Patakaran at Programang EEO ng OTS ang lahat ng pamunuan, mga tagapamahala at mga superbisor ng OTS, sa loob ng kani-kanilang mga kinasasakupan, at aatasan sila ng mga naaangkop na gawain upang tiyaking matutupad ang pagsunod. Susukatin ng OTS ang paggawa ng kanilang mga tagapamahala at mga superbisor tungo sa matagumpay na pagpapatupad ng mga patakaran at pamamaraan ng OTS tulad na rin ng pagsukat ng OTS sa kanilang paggawa sa iba pang mga hangarin ng organisasyon.

Nangangako ang OTS ng pagsasagawa at pagbubuo ng isang kasulatang walang-diskriminasyon sa programa na nagtatalaga ng mga patakaran, mga gawain at mga pamamaraan, na may kasamang mga layunin at mga palatakdaan ng panahon, na siyang mahigpit na susundin ng ahensya at magagawang siyasatin ng kahit sinong empleyado o aplikante sa trabaho kapag ipinakiusap ito.

Aking ipinapangako ang isang lugar ng hanapbuhay na ginagawa ang pang-araw-araw nitong responsibilidad na pakitunguhan ang lahat ng mga aplikante at empleyado nang may dangal at paggalang, at may katarungan sa ilalim ng mga tuntunin ng ating EEO Policy and Program.

J. Roger Morton, President and General Manager

Petsa